

# Ang Kambal na sina Ding at Dong



Isinulat ni Mira V. Fulgencio
Iginuhit ni Ronald V. Teoxon
Sinuri nina Genny P. Solares, Jillianne C. Elnar,
Cheryl E. Lique, Annie M. Dado,
Esperanza A. Badong,
at Leonisa N. Ramos




Sina Ding at Dong ay kambal ngunit magkaiba. Ugali ni Ding na palaging maglinis ng sarili. Tamad namang maglinis ng sarili si Dong.



Isang umaga, naglaro ang kambal. Tumakbo sila paikot sa kanilang bakuran.

Naglaro din sila ng taguan at tayaan.



Pagkatapos nilang maglaro ay nagpaalala ang nanay. "Maglinis na kayo ng sarili," sabi niya. "Opo, nanay!" sabay na tugon ng kambal.




Naglinis ng kaniyang sarili sa banyo si Ding. Si Dong naman ay nagpalit lamang ng damit. Tamad  kasi siyang maglinis ng sarili.




Sa kanilang pagtulog ay balisa si Dong. Bumangon siya at nagkamot nang nagkamot. Makati kasi ang kaniyang mga braso at paa.




Nagising si Ding at nakitang nagkakamot si Dong.

"Maglinis ka ng iyong sarili," payo ni Ding.


"Nakakatamad, bukas na lang," sagot ni Dong.



Kinabukasan, lumapit si Dong sa kaniyang nanay. Ipinakita niya ang mga braso at paang nagkasugat. Sinabi niyang tinamad siyang maglinis ng sarili.



Ginamot ni nanay ang mga sugat ni Dong. "Maglinis kang palagi, Dong," payo ni nanay. "Opo, susunod na po ako," sagot ni Dong.



Simula noon, magkatulad na ang kambal. Palagi nang naglilinis ng sarili si Dong. Naging masaya ang kaniyang kakambal at nanay.

## Mga Tanong at Gawain

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?

2. Ano ang sinabi ng nanay kina Ding at Dong pagkatapos nilang maglaro?

3. Pagtapatin ang pangyayari sa hanay A at ang kaugnay nito sa hanay B.

Hanay A

1. Hindi naglinis ng sarili si Dong.
2. Kinamot nang kinamot ni Dong ang kaniyang mga braso at paa.
3. Palagi nang naglilinis ng sarili si Dong.
4. Ano kaya ang mangyayari kung hindi ka maglilinis ng iyong sarili?

Hanay B

a. Masaya na sina nanay at Ding.
b. Nangati ang kaniyang mga braso at paa.
c. Nagkasugat ito.

5. Sino kina Ding at Dong ang nais mong tularan? Bakit?

6. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang paglilinis ng sarili? Bakit?